Pangalan: ____________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: _______________Marka:__________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Mga Anyo ng Salita

**I. Panuto:** Bilugan ang nag-iisang salitang nasa anyong hinihingi sa bawat bilang.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. unlapi | inapi | gumayak | takbuhin | lipad |
| 2. gitlapi | magtanim | sumayaw | gilingin | pagpapatila |
| 3. laguhan | pagluluto | pagsisilbihan | pakikipagkita | pagpaparaya |
| 4. kabilaan | magkaibigan | pagpapasya | magkalaban | kapitbahay |
| 5. inuulit | singsing | araw-araw | alang-alang | paruparo |

**II. Panuto:** Muling isulat ang salitang nasa mga hanay ayon sa iba't ibang anyo nito.

| | **Unlapi** | **Gitlapi** | **Hulapi** | **Kabilaan** | **Laguhan** | **Inuulit** | **Tambalan** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| a. lipat | 1. | 2. | 3. | 4. | 5. | 6. | 7. |
| b. tulong | 8. | 9. | 10. | 11. | 12. | 13. | 14. |

**III. Panuto:** Basahin ang buod ng kuwentong "Sa Araw ng Kasal" na isinulat ni Elene M. Patron at sagutin ang sumusunod na tanong.

Balisang-balisa si Ada dahil sa napipintong pagpapakasal ng anak niya. Nangangamba siya na baka hindi siputin ang anak niya sa araw ng kasal dahil nalaman niyang ang lalaking mapapangasawa ng kaniyang anak ay anak ni Sitong na minsan ding nag-alok ng kasal sa kaniya.

Si Ada mismo ang umayaw na makasal kay Sitong. Kaya naman, ganoon na lamang ang kaba at pag-aalala niya na baka gantihan siya ni Sitong.

Sa araw ng kasal, pagdating nila sa simbahan, lumuwag ang pakiramdam ni Ada nang makitang ang binatang mapapangasawa ng kaniyang anak ay nasa altar. Naroroon din si Sitong. Nag-usap silang dalawa at naramdaman niyang walang anomang galit ito sa kaniya. Napagtanto niya na nagbabago rin ang tao at nakatatanggap ng kaniyang kapalaran.

1. Sa iyong pananaw, may basehan ba ang pangamba ni Aling Ada? Bakit?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

2. May nangyayari kayang ganitong sitwasyon sa kasalukuyan? Sa iyong pananaw, ano ang dapat gawin ng binata o dalagang ikakasal upang hindi magkailangan ang kanilang mga magulang?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Gamiting gabay ang pamantayan sa pagtataya ng gawain.

| 5 | 4 | 3 | 2-1 |
|---|---|---|---|
| Nasagot nang may malinaw at maayos na pangungusap ang bawat tanong. Naibigay ang angkop na sagot ayon sa hinihingi sa bawat tanong. | May isang pagkakamali sa alinmang sumusunod: pagsagot nang may malinaw at maayos na pangungusap o pagbibigay ng angkop na sagot. | May naisulat subalit hindi buo ang ideya ng pangungusap. Sinubukang sagutin ang mga tanong subalit hindi sigurado. | Hindi natapos ang pagsagot. |